# ANG SULAT NI JESU-CRISTO SA IGLESYA SA EFESO
# "ANG PAG-IBIG NA NAWALA" – Apocalipsis 2:1-7

Bible Version: ABAB at KJV Liban na kung babanggitin

For July 18, 2021 – Sunday Online Worship Service

**PANGUNAHING MGA TALATA:**

**Apoc 2:1** "Sa anghel ng iglesya sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang kamay, na lumalakad sa gitna ng pitong gintong ilawan.

-  ***Rev 2:1*** *Unto the angel of the church of Ephesus write; These things saith he that holdeth the seven stars in his right hand, who walketh in the midst of the seven golden candlesticks;*

**Apoc 2:2** "Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong paggawa at pagtitiyaga, at hindi mo mapagtiisan ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagsasabing sila'y mga apostol, ngunit sila'y hindi gayon, at natuklasan mo silang pawang mga sinungaling.

-  ***Rev 2:2*** *I know thy works, and thy labour, and thy patience, and how thou canst not bear them which are evil: and thou hast tried them which say they are apostles, and are not, and hast found them liars:*

**Apoc 2:3** Alam ko ring ikaw ay may pagtitiis at nagsikap ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod.

-  ***Rev 2:3*** *And hast borne, and hast patience, and for my name's sake hast laboured, and hast not fainted.*

**Apoc 2:4** Ngunit ito ang hindi ko gusto laban sa iyo: iniwan mo ang iyong unang pag-ibig.

-  *Rev 2:4 Nevertheless I have somewhat against thee, because thou hast left thy first love.*

**Apoc 2:5** Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, magsisi ka at gawin mo ang mga bagay na ginawa mo noong una. Kung hindi, darating ako sa iyo at aalisin ko ang iyong ilawan mula sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

-  ***Rev 2:5*** *Remember therefore from whence thou art fallen, and repent, and do the first works; or else I will come unto thee quickly, and will remove thy candlestick out of his place, except thou repent.*

**Apoc 2:6** Ngunit ito ang mabuti na nasa iyo: kinapopootan mo ang mga gawa ng mga Nicolaita na kinapopootan ko rin.

-  ***Rev 2:6*** *But this thou hast, that thou hatest the deeds of the Nicolaitans, which I also hate.*

**Apoc 2:7** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya. Ang magtagumpay ay siya kong pakakainin sa punungkahoy ng buhay na nasa paraiso ng Diyos.

- ***Rev 2:7*** *He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches; To him that overcometh will I give to eat of the tree of life, which is in the midst of the paradise of God.*

## I. PASIMULA:

Ang sulat ng Panginoong Jesus sa Iglesia sa Efeso ay isa lamang sa pitong sulat na nakasaad sa kapitulo 2 at 3 ng Aklat ng Apocalipsis.

Sa kapitulo 2 at 3 ay makikita natin ang mga partikular na mga mensahe para sa bawat pitong iglesia na nabanggit sa kapitulo 1. Ang pitong mga sulat ay naglalaman ng magkakamukhang padron o “format”.

1. **UNA, ay ang pangalan ng iglesia na sinulatan. Ito ay sinundan ng deskripsyon ng karakter ng Panginoong Jesus na nasa 1:12-18.**

Sa bawat deskripsyon ng karakter ng Panginoong Jesus, ito ay may kinalaman o kaugnayan ang iglesiang sinulatan. Kung pagsasama-samahain ang mga deskripsyong ito ay ito nga ang nakitang pangitain ni Juan ng maluwalhating Cristo sa kapitulo 1.

Ang buong Aklat ng Apocalipsis ay naka-address sa pitong Iglesia na nasa Asia (Apoc. 1:4; 11, 20; 22:16)

2. **IKALAWA ay ang kalagayan ng iglesia,**

Pangkaraniwang sinisimulan ng mabubuting katangian na kapuri-puri at matapos ito ay ang pagsasaway ng mga bagay na hindi nagugustuhan ng Panginoon.

3. **IKA-TATLO – Pagtatapos**

Mga payo kung ano ang nararapat gawin at sa bawat pagtatapos ng sulat, ay ang panawagan na pakinggan ng lahat ang mensahe at nilalaman ng bawat sulat at gayun din ang paglalahad ng mga pangako para sa mga magtatagumpay.

Maliwanag naman sa kasaysayan na hindi lamang pito ang mga iglesia sa Asia nuong mga panahon na sinulat ang Apocalipsis. Ang bilang na pito ay hindi aksidente, bagkus ito ay susi sa pagkakaayos ng aklat.

### *a) Hindi lamang iglesia na binanggit na pito:*

1. seven angels,
2. seven trumpets,
3. seven thunders,
4. seven heads,
5. seven plagues,
6. seven bowls,
7. seven kings
8. seven stars
9. seven spirits of God
10. seven churches

Ang bawat pitong iglesia ay may natatanging kalakasan at kahinaan kaya nga ay mayroong magkakaibang mensahe ang ipinadala sa bawat isa. Ang mga suliranin na inilahad sa kapitulo 2-3 ay makikita at nagsasalarawan ng uri at kalagayan ng iglesia sa buong kasaysayan nito. Ang iglesia sa kabuuan o sa buong mundo sa ating panahon ay nagbibigay sa atin ng sapat na ilustrasyon sa katotohanang ito. Sa katunayan, sa mga iglesia lokal, kung hindi man lahat, ang mga suliranin na nakasaad sa pitong iglesia ay matatagpuan sa mga kongregasyon (ang salitang kongregasyon sa wikang griego ay "ekklesia"). Sa pamamagitan ng banal na disenyo, ang Espiritu Santo ay hindi lamang nangusap sa pitong iglesia kundi bagkus maging sa ating panahon. Kaya nga tayo ay tinatawagan ng pansin na seryosong pakinggan ang mga Salita ng Panginoon sa pitong iglesia.

**Apoc 2:7 "Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya …"**

-  *Rev 2:7 He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches …*

Ang paraan ng ating pag-aaral sa kapitulo 2-3 ay magiging katulad ng ating ginagawang pag-aaral sa mga sulat ng mga Apostol sa Bagong Tipan. Uunawain natin ang mga suliranin ng mga sinaunang iglesia sa kaliwanagan ng mga Salita ng Diyos at ng kasaysayan.

## II. ANG IGLESIA NA NASA EFESO: NAWALANG PAG-IBIG (Apocalipsis 2:1-7)

Tama lamang na inuna ang iglesia na nasa Efeso sa mga sinulatan. Ang Efeso ang pinaka malaking lungsod ng Emperyo ng Roma sa Asia. Nuong panahon na ang evangelio ay ipinangaral dito ito ay mayroong populasyon na humigit sa 250,000 na tao. Matatagpuan sa bibig ng Cayster River sa mga baybayin ng Aegean Sea, may maunlad na komersyo at sentro ng kalakalan ng Asia. Ang Efeso ay kilala sa dakilang lansangan mula Euphrates, ang ibang pang mga daan mula Cayster at mga labak (valleys) ng Meander. Tunay na makabuntong-hingang lungsod ang Efeso nuong mga panahong iyon.

Ang mga manlalakbay mula sa Roma na natutungo sa Efeso ay nagtutuloy sa napakagandang lansangan nito na may 35 feet ang lapad at may mga haligi na tungo sa direksyon ng mga daungan ng barko sa sentro ng lungsod. Ipinagmamalaki nito ang mga naglalakihang mga stadium, pamilihan at tiyatro. Ang tiyatro ay itinayo sa kanlurang gilid ng Bundok ng Pion na natatanaw mula duon ang daungan ng mga barko at may kapasidad ("seating capacity") para sa25,000 na mga tao.

### 1. ILANG IMPORMASYON SA KASAYSAYAN ("HISTORICAL BACKGROUND") NG EFESO

Ang Efeso ay isang prominenteng o tanyag na sentro ng relihiyon:

Ang kulto ng emperyo ay hindi pinababayaan sa Efeso. Mga templo ay itinayo para kay Claudius, Hadrian, at Severus (mga naging emperador ng Roma). Ang pangunahing atraksyong pang relihiyon ay ang Templo ni Artemis (Diana sa Latin), isa sa mga "seven wonders of the ancient world". Ito ay pinalamutian ng mga gawa ng mga dakilang alagad ng sining. Matapos ang malaking sunog nuong 356 BC na nagwasak sa unang templo, ito ay muling itinayo, ni Dinocrates (ang nagtayo ng Alexandria, isa rin sa "7 wonders of the ancient world" ) bilang arkitekto nito.

### 2. BIBLICAL NA KASAYSAYAN NG IGLESIA SA EFESO

Mayroon tayong mga impormasyon tungkol sa iglesia na nasa Efeso mula sa Bagong Tipan. Ang unang pagdalaw ni Pablo sa Efeso ay maikli lamang (Gawa 18:19-21).

Si Apolos man ay nakarating duon (Gawa 18:24-28) at nagkaroon ng epektibong ministerio duon lalo na nang maipaliwanag ng mainam sa kanya ang Daan ng Diyos nina Priscilla at Aquila (18:26).

Nang bumalik sina Pablo sa Efeso ay nasumpungan niya ang ang isang grupo ng mga disipulo na pamilyar sa bautismo ni Juan Bautista subalit hindi pa tinatanggap ang bautismo ng Panginoong Jesus (19:1-7). Sa loob ng 3 buwan ay nagturo si Pablo sa sinagoga sa Efeso, at nasundan iyon ng 2 taon na nagtuturo sa bulwagan (paaralan) ni Tiranno. Ang resulta nito ay maraming naligtas at nakarinig ng evangelio sa mga dako ng Asia (19:8-12).

Nang ang 7 mga anak na lalaki ni Eskeva, isang punong paring Judio, nagtangkang mapalayas ng mga demonyo gamit-gamit ang mga salita ni Pablo, at sila ay natalo ng mga demonyo, ang malaking pagkakaiba ng salamangka (magic) at Cristianismo ay nasaksihan ng maraming mga tao. Marami sa mga bagong Cristiano ay nagpasiya na tuluyang humiwalay sa mahika ng kanilang paganong relihiyon at sinunog ang mga aklat sa publiko, mga aklat na nagkakahalaga ng 50,000 putol na pilak. Bunga nito, ang evangelio ay patuloy na namayagpag sa Efeso (19:13-20).

### 3. DAHIL SA PAGLAGO NG IGLESIA SA EFESO AY NAGING BANTA ITO SA INDUSTRIYA NG PAGGAWA NG MGA DIOS-DIOSAN (rebulto) SA EFESO.

Sa Pangunguna ni Demetrio, isang panday-pilak, ang makapangyarihang samahan ng kanilang hanapbuhay ay marahas na tinutulan si Pablo at ang iglesia sa Efeso. Ang mga nagagalit na mga tao ay dinakip ang 2 kasamahan ni Pablo. Ang ilang mga pinuno sa bayan na kaibigan ni Pablo ay binalaan siya na huwag magtungo sa mga galit na tao, ang kalihim ng bayan ay kinumbinsi ang mga tao na lutasin ang suliranin sa mga hukuman at hindi sa lansagan. Matapos nito si Pablo ay lumisan tungo sa Macedonia (Gawa 19:23-20:1).

## III. BABALA NI PABLO TUNGKOL SA PAGLITAW NG MGA BULAANG GRUPO MULA SA EFESO

Pagkalipas ng ilang mga panahon ay dadaan sana si Pablo sa Efeso patungong Jerusalem, subalit sa pagnanais niya na makarating sa Jerusalem sa panahon ng Pentecostes ay pinatawag na lamang niya ang mga matatanda sa Efeso mula sa Mileto (Gawa 20:16) at dito ay inilahad niya ang kanyang mga huling tagubilin :…

**Gawa 20:28** Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan. Sa kanila'y inilagay kayo ng Espiritu Santo na mga tagapangasiwa upang pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos na binili niya ng kanyang sariling dugo.

- ***Act 20:28*** *Take heed therefore unto yourselves, and to all the flock, over the which the Holy Ghost hath made you overseers, to feed the church of God, which he hath purchased with his own blood.*

**Gawa 20:29** Alam ko na pag-alis ko ay papasok sa kalagitnaan ninyo ang mababangis na asong-gubat na walang patawad sa kawan;

- ***Act 20:29*** *For I know this, that after my departing shall grievous wolves enter in among you, not sparing the flock.*

**Gawa 20:30** at lilitaw mula sa inyo na ring kasamahan ang mga taong magsasalita ng mga bagay na lihis, upang akitin ang mga alagad na sumunod sa kanila.

- ***Act 20:30*** *Also of your own selves shall men arise, speaking perverse things, to draw away disciples after them.*

**Gawa 20:31** Kaya't kayo'y maging handa at alalahanin ninyo na sa loob ng tatlong taon ay hindi ako tumigil sa gabi at araw ng pagbibigay-babala na may pagluha sa bawat isa.

- ***Act 20:31*** *Therefore watch, and remember, that by the space of three years I ceased not to warn every one night and day with tears.*

**Gawa 20:32** Ngayo'y ipinagkakatiwala ko kayo sa Diyos, at sa salita ng kanyang biyaya, na makapagpapatibay sa inyo at makapagbibigay sa inyo ng mana na kasama ng lahat na mga ginawang banal.

- ***Act 20:32*** *And now, brethren, I commend you to God, and to the word of his grace, which is able to build you up, and to give you an inheritance among all them which are sanctified.*

**52–57AD* Paul's Third Missionary Journey from Antioch to Galatia, Phrygia, Ephesus, Macedonia, Greece (Acts 18:23–21:17).**

REF: https://www.esv.org/resources/esv-global-study-bible/chart-40-00-nt-timeline/

Kung ang Apocalypsis ay naisulat nuong 96AD, samakatuwid ay humigit kumulang sa 39 years ang pagitan ng pangyayari sa Gawa 20:28-32. Nagkaroon ng CLIMAX ng katuparan ang sinasabi ni Pablo sa pagpasok ng mga mababangis na mga bulaang mga guro pagkalipas ng halos 39 years.

1. **Sumulat si Pablo kay Timoteo, na pinagbilinan niya na manatili sa Efeso upang harapin ang mga taong nagtuturo ng mga maling aral…**

**1Ti 1:3** Pinapakiusapan kitang manatili sa Efeso gaya noong patungo ako sa Macedonia, na iyong atasan ang ilang tao na huwag magturo ng ibang aral,

-  ***1Ti 1:3*** *As I besought thee to abide still at Ephesus, when I went into Macedonia, that thou mightest charge some that they teach no other doctrine,*

Lumalabas na mayroong mga guro na nagtuturo ng mga maling aral. Ang babala ni Pablo sa mga matatanda ng Efeso nuong pulungin sila sa Mileto ay natupad na nga at umabot sa sukdulan makalipas ang halos 30 taon at ito na nga ang kanilang kalagayan na binabanggit ni Cristo sa Kanyang sulat sa Iglesya sa Efeso na ating paksa ngayon.

Sinasabi din ng tradisyon na si Apostol Juan ay napatira sa Efeso nuong panahon ng kanyang katandaan.

## IV. ANG NILALAMAN NG SULAT SA EFESO

### 1. Ang Panginoong Jesus ay nagpakilala bilang Isa na may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang kamay, na lumalakad sa gitna ng pitong ilawan.

**Apoc 2:1** "Sa anghel ng iglesya sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang kamay, na lumalakad sa gitna ng pitong gintong ilawan.

-  ***Rev 2:1*** *Unto the angel of the church of Ephesus write; These things saith he that holdeth the seven stars in his right hand, who walketh in the midst of the seven golden candlesticks;*

Marami nang naisulat ang mga Bible Scholars ng iba't ibang mga pagpapaliwanag tungkol sa kahulugan ng anghel sa sulat ni Cristo sa mga iglesia, gayunpaman ang bigat ng mensahe sa bawat iglesia ay malinaw. Dito sa kapitulo 2 ay nangusap ang Panginoong Jesus sa mga banal sa iglesia sa Efeso.

**Apoc 1:20** Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ang pitong gintong ilawan; ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesya; at ang pitong ilawan ay ang pitong iglesya.

- ☐ ***Rev 1:20*** *The mystery of the seven stars which thou sawest in my right hand, and the seven golden candlesticks. The seven stars are the angels of the seven churches: and the seven candlesticks which thou sawest are the seven churches.*

SAMAKATUWID, hawak ni Cristo ang mga anghel sa pitong Iglesia, at si Cristo ay lumalakad sa gitna ng pitong iglesia. Ano ang nakikita natin dito? Ang Panginoong Jesus ay may pamamahala sa kanyang iglesia. Sa bawat iglesia ay may anghel. Si Cristo ay may kaugnayan sa Kanyang iglesia. Ang larawan ay parang si Cristo ay naglalakad na gaya ng isang "military commander" sa harap ng hanay ng kanyang mga sundalo. Dito nakikita natin na mayroong pakikisama (fellowship) si Cristo sa mga iglesia. Mayroon siyang pakialam sa mga iglesia. Dito ay nakikita rin natin na sa bawat iglesia ay may sariling pamamahala ("autonomy") at ang sentral ng lahat ng iglesia ay si Cristo.

Ilang mabubuting bagay ang masasabi mo tungkol sa ating kongregasyon? Ilan naman ang mga kritikal na komentaryo ang naiisip mo? Kung siguro ay ililista natin lahat ang mga ito ay marami tayong maisusulat. Sa palagay kaya natin ay iba tayo sa iglesia sa Efeso? Kung susuriin natin sa mga sulat ni Cristo sa 7 Iglesia ay kakaunti lamang ang naisulat na mga kapurihan at kapintasan. Dapat nating makita na ang mga papuri at kapintasan na naisulat dito ay nakatuon lamang sa masama at mabuti. Ang mga bagay na nabanggit ng Panginoon na pinuri niya tungkol sa iglesia at ang mga kapintasan na Kanyang nabanggit ay napakahalaga at nagtuturo sa atin kung ano ang dapat na mabigyan ng masusing pansin ng kongregasyon.

## 2. ANG MAGANDANG KATANGIAN NG IGLESYA SA EFESO

**Apoc 2:2** "Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong paggawa at pagtitiyaga, at hindi mo mapagtiisan ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagsasabing sila'y mga apostol, ngunit sila'y hindi gayon, at natuklasan mo silang pawang mga sinungaling.

-  ***Rev 2:2*** *I know thy works, and thy labour, and thy patience, and how thou canst not bear them which are evil: and thou hast tried them which say they are apostles, and are not, and hast found them liars:*

**Apoc 2:3** Alam ko ring ikaw ay may pagtitiis at nagsikap ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod.

-  ***Rev 2:3*** *And hast borne, and hast patience, and for my name's sake hast laboured, and hast not fainted.*

### *a) "Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong paggawa at pagtitiyaga"*

Si Jesus ay tumitingin sa Kanyang church, at alam Niya kung ano ang nangyayari. Hindi ito misteryo sa Kanya. Maaaring may kasalanan o katiwalian na nakatago sa isang local church, ngunit hindi ito nakatago kay Hesus. Sasabihin niya sa atin ang parehong bagay sa ngayon, kapwa bilang mga indibidwal at bilang isang kongregasyon.

***b) "hindi mo mapagtiisan ang masasamang tao"***

Hindi nila mapagtiisan, "thou canst not bear", hindi nila matagalan ang masasama. Hindi nila kinukunsinti ang masasamang tao at kaugnay niyan sa hindi nila mapagtiiisan at mapalagpas ay kanilang …

***c) " sinubok mo ang mga nagsasabing sila'y mga apostol, ngunit sila'y hindi gayon, at natuklasan mo silang pawang mga sinungaling"***

Ang kadalisayan ng doktrina o aral ay napanatiling mainam ng iglesia sa Efeso at kanilang nasusubok ang mga nagpapanggap na mga guro at mga apostol. Dahil ang Efeso ay daanan ng mga komersyong pandagat at panglupa, maraming mga manlalakbay na Cristiano ang dumaraan duon, ang iba ay mga gurong hindi lamang nadaya kundi mandaraya na aktibong pinalalaganap ang kanilang mga maling aral. Ang babala ni Pablo ay seryosong tinanggap ng mga iglesia sa Efeso. Hindi nila pinhintulot na ang mga maling aral ay makasira sa kanilang kongregasyon, bagamat may mga ilang nagtangkang gawin iyon. Dahil dito pinuri ni Cristo ang iglesia sa Efeso.

### 3. Pinuri din ni Cristo ang Iglesia sa Efeso dahil sa kinapopootan nila ang mga gawa ng mga Nicolaita.

**Apoc 2:6** Ngunit ito ang mabuti na nasa iyo: kinapopootan mo ang mga gawa ng mga Nicolaita na kinapopootan ko rin.

- ***Rev 2:6*** *But this thou hast, that thou hatest the deeds of the Nicolaitans, which I also hate.*

Wala tayong mababasa na anuman tungkol sa Nicolaita sa Biblia. 2 beses lang nabanggit ang salita Nicolaita sa buong Biblia at ito ay sa Apocalipsis 2:6 at Apocalipsis 2:15.

**Apoc 2:15** Gayundin naman, mayroon kang ilan na sumusunod sa aral ng mga Nicolaita.

- ***Rev 2:15*** *So hast thou also them that hold the doctrine of the Nicolaitans, which thing I hate.*

Isang bagay lang ang maliwanag sa Biblia tungkol dito: na ang kanilang (Nocolaita) mga gawa at aral ay hindi gusto ng Panginoong Jesus. Dito nakikita natin ang kahalagahan ng "aral" o doktrina na sinusunod ng mga mananampalataya. Kaya nga, tayong mga mananampalataya ay dapat mag-ingat sa mga aral na ating sinusunod at tinatanggap. Mahalaga ang aral, dahil dito

nakabatay ang ating mga paggawa.  "Gawa ng mga mga Nicolaita" (Apoc. 2:6), "aral ng mga Nicolaita" (Apoc. 2:15).  Upang maging ligtas tayo sa maling aral ay sundin natin ang payo ng Biblia na "huwag magsihigit sa mga bagay na nasusulat"

**1Co 4:6** Mga kapatid, ang mga bagay na ito ay ginamit kong halimbawa sa aking sarili at kay Apolos para sa inyo, upang sa pamamagitan namin ay matuto kayo na huwag lumampas sa mga bagay na nakasulat, upang sinuman sa inyo ay huwag magmataas laban sa iba.

- ***1Co 4:6*** *And these things, brethren, I have in a figure transferred to myself and to Apollos for your sakes; that ye might learn in us not to think of men above that which is written, that no one of you be puffed up for one against another.*

### 4. ANG SERYOSONG PROBLEMA NG IGLESIA SA EFESO – INIWAN ANG UNANG PAG-IBIG

**Apoc 2:4** Ngunit ito ang hindi ko gusto laban sa iyo: iniwan mo ang iyong unang pag-ibig.

- ***Rev 2:4*** *Nevertheless I have somewhat against thee, because thou hast left thy first love.*

Anong pag-ibig ang tinutukoy dito na iniwan ng iglesia sa Efeso?  Pag-ibig sa Dios o pag-ibig sa isa't isa?  Sa turo ng Biblia ay hindi natin maiibig ang Dios na hindi natin iibigin ang ating mga kapatid.  Ang pag-ibig sa Diyos ay ang pag-ibig sa mga kapatid.

**1Jn 5:3** Sapagkat ito ang pag-ibig sa Diyos, na ating tuparin ang kanyang mga utos at ang kanyang mga utos ay hindi pabigat.

- ***1Jn 5:3*** *For this is the love of God, that we keep his commandments: and his commandments are not grievous.*

**1Jn 4:20** Kung sinasabi ng sinuman, "Iniibig ko ang Diyos," at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling; sapagkat ang hindi umiibig sa kanyang kapatid na kanyang nakikita, ay hindi maaaring umibig sa Diyos na hindi niya nakita.

- ***1Jn 4:20*** *If a man say, I love God, and hateth his brother, he is a liar: for he that loveth not his brother whom he hath seen, how can he love God whom he hath not seen?*

**2Jn 1:6** At ito ang pag-ibig, na tayo'y lumakad ayon sa kanyang mga utos. Ito ang utos, na gaya ng inyong narinig nang pasimula, na doon kayo'y lumakad.

- ***2Jn 1:6*** *And this is love, that we walk after his commandments. This is the commandment, That, as ye have heard from the beginning, ye should walk in it.*

***a) Ang pag-ibig na iniutos ni Pablo sa mga taga Efeso ay ang pag-ibig sa isa't isa.***

**Eph 4:14** Tayo'y huwag nang maging mga bata, na tinatangay-tangay ng mga alon at dinadala-dala ng bawat hangin ng aral, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga katusuhan sa paraang mapandaya.

- ***Eph 4:14*** *That we henceforth be no more children, tossed to and fro, and carried about with every wind of doctrine, by the sleight of men, and cunning craftiness, whereby they lie in wait to deceive;*

**Eph 4:15** Kundi humahawak sa **katotohanan na may pag-ibig**, lumago tayong lahat sa kanya, na siyang ulo, samakatuwid ay si Cristo,

- ***Eph 4:15*** *But speaking the truth in love, may grow up into him in all things, which is the head, even Christ:*

**Eph 5:1** Kaya kayo'y tumulad sa Diyos, gaya ng mga anak na minamahal,

- ***Eph 5:1*** *Be ye therefore followers of God, as dear children;*

**Eph 5:2** at lumakad kayo **sa pag-ibig**, gaya ng pag-ibig ni Cristo sa atin at ibinigay ang kanyang sarili para sa atin bilang handog at alay sa Diyos upang maging samyo ng masarap na amoy.

- ***Eph 5:2*** *And walk in love, as Christ also hath loved us, and hath given himself for us an offering and a sacrifice to God for a sweetsmelling savour.*

Sa konteksto ng mga talatang ito ay idinidiin ang pag-uugali ng mga Cristiano sa isat isa.

### 5. Pinuri ni Pablo ang mga taga Efeso dahil sa pag-ibig nila sa isat isa ("sa lahat ng mga banal" )

**Eph 1:15** Dahil dito, sapagkat narinig ko rin naman ang inyong pananampalataya sa Panginoong Jesus, **at ang inyong pag-ibig sa lahat ng mga banal**,

- ***Eph 1:15*** *Wherefore I also, after I heard of your faith in the Lord Jesus, and love unto all the saints,*

**Eph 1:16** hindi ako tumitigil ng pagpapasalamat para sa inyo, na binabanggit kayo sa aking mga panalangin,

- ***Eph 1:16*** *Cease not to give thanks for you, making mention of you in my prayers;*

### 6. Ang pag-ibig sa "isat isa" ang binabala ng Panginoong Jesus na lalamig.

Ito'y bahagi ng kasagutan ni Jesus sa tanong ng mga apostol tungkol sa mga palatandaan ng muling pagparito ni Jesus at katapusan ng sanglibutan.

**Mat 24:9** "Pagkatapos ay ibibigay kayo sa kapighatian at kayo'y papatayin; at kayo'y kapopootan ng lahat ng mga bansa dahil sa aking pangalan.

- ☐ ***Mat 24:9*** *Then shall they deliver you up to be afflicted, and shall kill you: and ye shall be hated of all nations for my name's sake.*

**Mat 24:10** Maraming tatalikod. magtataksil at mapopoot sa isa't isa.

- ☐ ***Mat 24:10*** *And then shall many be offended, and shall betray one another, and shall hate one another.*

**Mat 24:11** Maraming bulaang propeta ang lilitaw at ililigaw nila ang marami.

- ☐ ***Mat 24:11*** *And many false prophets shall rise, and shall deceive many.*

**Mat 24:12** Dahil sa paglaganap ng kasamaan, **ang pag-ibig ng marami ay lalamig**.

- ☐ ***Mat 24:12*** *And because iniquity shall abound, the love of many shall wax cold.*

Habang lumalakas ang pag-uusig sa mga huling araw ay maraming tatalikod sa pananampalataya. Magtataksil at mapopoot ang iba sa isa't isa. May mga lilitaw na mga bulaang tagapagturo. Sa bagay na ito ay naging maingat ang iglesia sa Efeso sa Apoc. subalit dahil sa kasamaan ang pag-ibig ng marami ay lalamig at dito nabigo ang mga taga Efeso. Kung ating iisipin ang mga salita ng Panginoon sa Mat 24:9-12 ay magkakaugnay. Dahil sa kaguluhan bunga ng pag-uusig, sabayan pa ng mga maling aral at kasamaan ay lumalamig ang pag-ibig ng marami. Sa pag-uusig ay maaaring masubok ang pag-ibig ng mga kapatid sa isa't isa, at ang mga taga Efeso ay kilala sa ganito dahil sa Mga Gawa 19 ay makikita natin ang kaguluhan na kanilang naranasan bunga ng pagtataguyod ng aral ni Cristo.

## V. ARAL:

Ang magiging kaparusahan at bunga ng pag-iwan ng unang pag-ibig, o kung hindi ito maiwawasto ay tatanggalin ng Panginoon ang ILAWAN sa kanyang kinalalagyan.

**Apoc 2:5** Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, magsisi ka at gawin mo ang mga bagay na ginawa mo noong una. Kung hindi, darating ako sa iyo at aalisin ko ang iyong ilawan mula sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

- ***Rev 2:5*** *Remember therefore from whence thou art fallen, and repent, and do the first works; or else I will come unto thee quickly, and will remove thy candlestick out of his place, except thou repent.*

Ang ilawan na tinutukoy ay ang iglesia. Ang iglesia ay ang mga mananampalataya kay Cristo. Ang mga mananampalataya kay Cristo ay “ilaw ng sanlibutan” (Mat 5:14-16). Sa pagtanggal ng ilawan ay nangangahulugan ng pag-aalis ng “liwanag” ng mga Cristiano upang sumaksi. Maaari ring literal naman na tatanggalin mismo ang iglesia sa kanyang kinalalagyan.

### Ang pagkawala ng “liwanag na sumaksi”...

May malaking kaugnayan sa pagkawala ng pag-ibig ng magkakapatid sa pananampalataya. Kung walang pag-ibig ay nahahadlangan ang ating pagsaksi para kay Cristo.

**Juan 13:34** Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y **magmahalan sa isa't isa**. Kung paanong minahal ko kayo, magmahalan din kayo sa isa't isa.

- ☐ ***Joh 13:34*** *A new commandment I give unto you, That ye love one another; as I have loved you, that ye also love one another.*

**Juan 13:35** Sa pamamagitan nito ay makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa."

- ☐ ***Joh 13:35*** *By this shall all men know that ye are my disciples, if ye have love one to another.*

### Ang gamot sa kapintasan ng iglesia sa Efeso ay 3 bagay:

(1) alalahanin, (2) pagsisisi, at ang (3) paggawa ng mga bagay na ginawa noong una.

**Apoc 2:5** Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, magsisi ka at gawin mo ang mga bagay na ginawa mo noong una. Kung hindi, darating ako sa iyo at aalisin ko ang iyong ilawan mula sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

-  ***Rev 2:5*** *Remember therefore from whence thou art fallen, and repent, and do the first works; or else I will come unto thee quickly, and will remove thy candlestick out of his place, except thou repent.*

Ang unang hakbang na itinuro ng Panginoon sa iglesia sa Efeso ay ang alalahanin kung saan sila nahulog. Ang laban ng Panginoon sa kanila ay yaong pag-ibig na taglay nila nuong una na kapuri-puri, gaya ng sabi ni Pablo sa kanya sulat sa Efeso, ay nawala na o kanilang iniwan. Ang unang hakbang na ito ay upang kanilang muling ibalik-tanaw ang init at sigla ng kanilang pag-ibig sa mga kapatid. Dito ay maaalala nila kung paano nila ito naisagawa nuong una. Ang ikalawang hakbang ay pagsisihan nila ang kanilang pagkakamali. Ang tunay na pagsisisi ay hindi lamang natatapos sa kalungkutan at pagluha. Ang pagsisi ay ang pagbabagong-puso at isipan at nagbubunga ng pagbabago sa pag-uugali at paraan ng pamumuhay. Ang ikalawang hakbang na ito ay tutungo sa ikatlong hakbang na muling "gawin ang kanilang unang mga gawa".

Isipin natin, nagbababala si Pablo sa mga matatanda sa Efeso na matapos na siya ay lumisan ay lilitaw ang mga tao na sa hanay din ng mga kapatid manggagaling na magdadala ng mga alagad sa kanilang hulihan upang iligaw ang iba. Alam natin ang naidudulot ng pagkakabaha-bahagi ng mga kongregasyon sa pag-ibig. Lumalamig ang pag-ibig. Nagkakaroon ng pagkabaha-bahagi dahil sa mga maling aral.

Sa kasaysayan ng mga kongregasyon, ang pagtatalo tungkol sa doktrina o aral ay madalas na nagagawa na walang pag-ibig. Ang Efeso ay kabilang dito. Dahil sa mga maling aral ay nagkakaroon ng pagkakabaha-bahagi ang kapatiran at nagkakaroon ng tensyon kapag ang ilan ay nagnanais na magdala ng mga alagad sa kanilang hulihan.

**Rom 16:17** Ngayo'y isinasamo ko sa inyo, mga kapatid, na tandaan ninyo ang mga lumilikha ng pagkakabahabahagi at ng mga katitisuran na **laban sa mga aral** na inyong natutunan; lumayo kayo sa kanila.

-  ***Rom 16:17*** *Now I beseech you, brethren, mark them which cause divisions and offences contrary to the doctrine which ye have learned; and avoid them.*

## 1. DOKTRINA (ARAL) AT PAG-IBIG

Isa pang kamalian ay ang isakripisyo ang doktrina o aral sa ngalan ng pag-ibig. Ito man ay hindi nararapat. Ang pag-ibig ay hindi dapat masakripisyo sa ngalan ng doktrina at ang doktrina naman sa ngalan ng pag-ibig. Kapwa mahalaga ang dalawang bagay na ito. Kaya nga sinabi ni Pablo sa kanyang sulat sa Efeso na "humawak sa katotohanan na may pag-ibig".

Sa tagubilin ni Pablo kay Timoteo kung paano pakikiharapan ang mga nagtuturo ng mga ibang aral o doktrina ay ipinaalala ni Pablo ang layunin ng kanilang mga tagubilin:

**1Tim 1:5** Subalit ang layunin ng aming tagubilin ay pag-ibig na nagmumula sa malinis na puso at sa mabuting budhi at sa pananampalatayang hindi pakunwari.

- ***(ESV)1Ti 1:5*** *The aim of our charge is love that issues from a pure heart and a good conscience and a sincere faith.*

Nang sumulat si Pablo kay Timoteo ay muling niyang itinuro na ang KATOTOHANAN AT PAG-IBIG ay hindi dapat magkahiwalay.

**2Tim 1:13** Sundan mo ang huwaran ng mga wastong salita na narinig mo sa akin, sa **pananampalataya at pag-ibig** na na kay Cristo Jesus.

- ***2Ti 1:13*** *Hold fast the form of sound words, which thou hast heard of me, in faith and love which is in Christ Jesus.*

**Ang pag-ibig ay dapat makita kahit na sa pagsaway ng mga nalilihis sa katotohanan.**

**2Tim 2:24** Ang alipin ng Panginoon ay hindi dapat makipag-away, kundi maamo sa lahat, mahusay magturo, matiyaga,

- ***2Ti 2:24*** *And the servant of the Lord must not strive; but be gentle unto all men, apt to teach, patient,*

**2Tim 2:25** tinuturuan nang may kaamuan ang mga sumasalungat, baka sakaling pagkalooban ng Diyos ng pagsisisi tungo sa pagkakilala sa katotohanan,

- ***2Ti 2:25*** *In meekness instructing those that oppose themselves; if God peradventure will give them repentance to the acknowledging of the truth;*

**2Tim 2:26** at sila'y matauhan at makawala sa bitag ng diyablo na bumihag sa kanila upang gawin ang kanyang kalooban.

- ***2Ti 2:26*** *And that they may recover themselves out of the snare of the devil, who are taken captive by him at his will.*

## 2. KONLUSYON:

Ang mga taga Efeso ay nagsasalarawan ng kabiguan na makikita din natin sa ilang mga iglesia at mga mananampalataya sa ating panahon: madalas na pinapayagan natin si Satanas na gamitin ang ating kalakasan na anopa’t nagiging kahinaan natin ito. Ang magagandang bagay kung minsan ay nagdadala ng binhi na pagkawasak. Sino ba ang magsasabi na ang doktrina ay hindi mahalaga? Datapuwa’t ang doktrina ay hindi katapusan ng lahat ng mga bagay. Ang doktrina ay katulad ng manna ng Matandang Tipan: kung hindi natin ito gagamitin agad ay mabubulok ito. Ang katotohanan ng aral (doktrina) at pag-ibig ay hindi dapat magkahiwalay. Ang katotohanan ay dapat na maipahayag na may pag-ibig (Efeso 4:15) at ang pag-ibig ay dapat maisakatuparan ayon sa katotohanan at aral (Pilipos 1:9-10)

**Fil 1:9** Idinadalangin ko na ang inyong pag-ibig ay lalo pang sumagana sa kaalaman at sa lahat ng pang-unawa;

- ***Php 1:9*** *And this I pray, that your love may abound yet more and more in knowledge and in all judgment;*

**Fil 1:10** upang inyong makilala ang mga bagay na magaling; at kayo'y maging mga tapat at walang kapintasan hanggang sa araw ni Cristo;

- ***Php 1:10*** *That ye may approve things that are excellent; that ye may be sincere and without offence till the day of Christ;*

Matuto tayo sa iglesia sa Efeso na habang pinanatili natin ang kadalisayan ng doktrina o aral ay hindi dapat maisakripisyo o mawala ang pag-ibig.

Hangga’t hindi natin nararanasan ang pag-ibig ng Diyos sa katauhan ng Panginoong Jesus-Cristo ay hindi natin maiibig ang iba gaya ng iniuutos ng Diyos. Kailangang maunawaan at madama muna natin ang sakripisyong ginawa ni Cristo sa krus ng kalbaryo para sa ating mga kasalanan, kung magkagayo’y maiibig din natin ang iba.

Ang panghuling pananalita ng Panginoon sa iglesia sa Efeso ay naglalayon na palakasin ang kalooban ng mga Cristiano upang alalahanin, magsisi at magbagong buhay.

**Apoc 2:7** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya. **Ang magtagumpay ay siya kong pakakainin sa punungkahoy ng buhay na nasa paraiso ng Diyos**.

- ***Rev 2:7*** *He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches;* ***To him that overcometh will I give to eat of the tree of life, which is in the midst of the paradise of God****.*

-***Wakas***-